

## Aralin 3

### ANO ANG SAYSAY NG BUHAY

#### Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

- ✧ Bakit Ka Ipinanganak?
- ✧ Paano Ka Nakakatulad Ng Dios?
- ✧ Paano Ka Hindi Katulad Ng Dios?
- ✧ Anong Uri Ng Katauhan Ang Nais Mong Kalabasan?
- ✧ Paano Mo Malalaman Na Ikaw Ay Anak ng Dios?

#### Unang Bahagi

### BAKIT KA IPINANGANAK?

#### Kailangang Malaman Mo



Ano ang iisipin mo tungkol sa isang taong ginagamit na lutuan ang sumbrerong balanggog? O ginagamit na martilyo ang isang bote? O ginugol ang buong buhay niya bago inalam kung para saan dapat gugulin iyon?

Tayo'y katulad ng sumbrerong isinalang sa apoy, o ng boteng ginamit na martilyo, kung gugugulin nating ang ating buhay nang di ayon sa layon ng pagkalikha rito. Wawasakin natin ang ating buhay nang hindi nasusumpungan ang kasiyahan na bunga ng katuparan.

May layon ang Dios sa buhay mo. May gawain Siya para sa iyo sa lupang ito at naghanda Siya ng isang magandang tahanan sa Langit para sa iyo. Ipinanganak ka upang umangkop sa balak ng Dios.

#### Ipinanganak Ka Upang Maging Anak ng Dios

Napag-aralan mong ikaw ay nilikha para sa kasiyahan ng Dios, upang maging anak Niya, magtamasa ng Kanyang pag-ibig, at gumanti ng pag-ibig sa Kanya.

Sa ibang bagay na ginagawa mo, kung wala ka ng ganitong pakikipagkaisa sa Dios, nalaktawan mo ang pangunahing layunin ng buhay.



*Awit 16:11 "Iyong ituturo sa akin ang landas ng buhay: nasa Iyong harapan ang kapuspusan ng kagalakan; sa Iyong kanan ay may mga kasayahan magpakailanman."*

### **Ipinanganak Ka Upang Lumagong Kalarawan ng Dios**

Para sa iyo na anak ng Dios, ang buhay sa lupa ay isang pag-aaral upang humanda ka para sa kawalang-hanggan. Ang mga karanasan mo rito ay mga aralin para sa magiging bahagi mo sa kaharian ng Dios. Ang mga suliranin at ibang bagay na pinagtitiisan mo rito'y nagtuturo sa iyo ng katiyagaan, pananampalataya, at pagsunod. Tumutulong ito sa iyong paglagong espirituwal upang lalo mong makatulad ang iyong Amang nasa Langit. Bayaan mong gawin ka ng Dios na katauhang maaasahan at magagamit Niya sa kasalukuyan at sa kahariang darating.



*2 Timoteo 2:12 "Kung tayo'y mangagtiis, ay maghahari naman tayong kasama Niya."*



### **Ipinanganak Ka Upang Gumawang Kasama ng Dios**

Ipinanganak ka nang araw na sumipot ka sa sangmaliwanag, sa dakong pinagsilangan sa iyo, at dumatal ka sa inyong sambahayan upang maging isang pagpapala sa iyong pamilya, sa iyong pook, sa iyong bayan, at sa sanlibutan. Ibig kang maging katuwang ng Dios sa gawain. Tutulungan ka Niyang makaakay ng iyong kapuwa kay Jesu-Cristo at nang makapamuhay silang mabuti sa patnubay ng Panginoon, kagaya mo.



*Efeso 2:10 "Tayo'y Kanyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una pa upang siya nating lakaran."*



## Gawin Mo Ito

✂ Ako'y bibigyan ng Dios ng buhay upang ako'y maging \_\_\_\_\_ Niya, upang iumagong \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ kasama Niya bilang Kanyang katuwang.

✂ Itanong sa sarili: Talaga kayang nakalulugod sa Dios ang aking buhay?

Tinatanggap ko ba na ang paghihirap ay pagkakataon upang ako'y maging matiyaga at magkaroon ng matatag na katauhan?

Nagsisikap ba ako upang makatulong sa kapuwa?

Namumuhay ba ako na parang ang kamatayan ang wakas ng lahat ng bagay, o ginagamit ko ba ang aking buhay ngayon bilang paghahanda para sa kawalang-hanggan?

Nagagalak ba akong makipagkaisa sa Dios? Ginagawa ko ba ang layon ng pagkapanganak sa akin, o gumagamit ako ng sumbrerong balanggot bilang lutuan?

## Ikalawang Bahagi

### PAANO KA NAKAKATULAD NG DIOS?

#### Binigyang Ka ng Dios ng Espiritung Kalarawan Niya

Ginawa ng Dios ang katawan ni Adan mula sa alabok, sinangkapan ito ng panlupang likas tulad ng ibang nilikha sa lupa. Dito ka nagmana ng isang panlupang likas. Nguni't ang espiritu ni Adan ay mula sa hininga ng Dios. Katulad ng Dios ang espiritu ni Adan. Katulad din ng Dios sa maraming paraan ang iyong espiritu.

#### Isaulo Mo Ito

*Genesis 1:26; 2:7 "At sinabi ng Dios, Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis. At nilalang ng Panginoong*





*Dios ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kanyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay."*

### **Ang Iyong Espiritu ay Katulad ng Dios sa Maraming Paraan**

Dahil sa tanging espiritung ito'y kaiba ka sa mga hayop. Tinatawag itong larawan ng Dios sa tao.

Makikita mo ang larawan ng Dios sa iyong sarili sa pamamagitan ng:

- ☺ Iyong likas na moral: pagkadama sa matuwid at mali.
- ☺ Iyong makasining na likas: pag-ibig sa kariktan.
- ☺ Iyong likas na talino: pagnanasang makaalam ng katotohanan, kakayahang mangatuwiran, magsalita, at iba pang paraan ng pakikipag-talastasan.
- ☺ Iyong likas na espirituwal: pagnanasang sumamba at kakayahang makipagkaisa sa Dios.
- ☺ Iyong likas na makalikha: pagnanasang mapabuti ang iyong paligid. Nagtatayo ng matataas na gusali ang tao, nagtatawid-dagat ginagamit ang lakas ng koryente, at gumagawa ng mga makinang maglilingkod sa kanya. Lumilikha siya ng kariktan sa musika, sining, arkitektura, tula, awit, kilos, at lahat ng uri ng gawang-kamay.

Dahil sa mga bagay na ito na mula sa likas ng Dios at ikinaiiba mo sa mga hayop, ikaw ay pinatutunayang ipinanganak upang maging anak ng Dios at hindi upang mabuhay lamang para sa sariling kasiyahan tulad ng ginagawa ng mga hayop.

#### **Gawin Mo Ito**

- ✂ Saan kinuha ng tao ang kanyang espiritu, sa mga hayop o sa Dios? \_\_\_\_\_
- ✂ Makikita natin ang mga bakas ng larawan ng Dios sa tao sa kanyang pagkahilig sa kariktan, o likas na \_\_\_\_\_; kakayahang mangatuwiran, o likas na \_\_\_\_\_; mga gawang-kamay, o likas na \_\_\_\_\_; pagkadama sa matuwid at mali, o likas na \_\_\_\_\_; at

paghahanap sa Dios, o likas na \_\_\_\_\_.

Balikan mong isa-isa, ang limang katangiang ito at pasalamat mo ang Dios sa bawa't bahagi ng iyong likas na ginawa Niya upang makatulad mo Siya.

### Ikatlong Bahagi

## PAANO KA HINDI KATULAD NG DIOS?

### Ikaw ay May Katawang Pisikal

Ang Dios ay Espiritung walang simula't katapusan, lubhang makapangyarihan, at hindi nahahadlangan ng panahon o kalawakan. Wala Siyang kamatayan. Ang espiritu mo'y nakatira sa isang katawang may hangganan ang lakas, makalalagi lang sa isang dako sa iisang panahon, at balang araw ay mamatay. Gayunman, ito'y kahanga-hangang kaloob sa iyo ng Dios. Dahil dito'y makapaglilingkod ka sa Dios sa kaparaanang di-mangyayari kung ikaw ay espiritu lamang. Dapat mong alagaang mabuti ang iyong katawan pagka't tahanan iyan ng iyong espiritu at templo rin naman ng Dios.



1 Corinto 6:19, 20 "Hindi бага ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo... luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios."



Sinisisi ng iba ang kanilang mga katawan sa paggawa nila ng masasama. Pinarurusahan nila ang kanilang sarili sa pag-aakalang mapabubuti ito. Sa kanyang sarili ang katawan mo'y hindi mabuti at hindi masama. Ito'y parang makinang pinakikilos ng iyong espiritu; ang iyong espiritu ang nagpapasiya ng dapat gawin, at sumusunod naman ang iyong katawan. Magagamit mo ang iyong katawan sa mabuti o sa masama, para kay Satanas o para sa Dios.



Roma 12:1 "Inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios."



Pakatiyakin mong ang iyong espiritu ang panginoon ng iyong katawan. Mabuting alipin ang katawan subali't masamang panginoon. Kung uunahin mo sa buhay ang mga nasa at di-nasa ng iyong sarili, gulo ang tinutungo mo. Maaari kang alipinin ng mga pag-uugaling sisira sa iyong kalusugan at lalong magbabaon sa iyo sa kasalanan. Habang pinababayaang natin ang ating kaluluwa, at inuuna ang kaginhawahan ng katawan, lalo tayong hindi nakakatulad ng Dios.

### Sinira ng Kasalanan ang Iyong Likas

Pinalabo ng kasalanan ang larawan ng Dios na nasa iyo. Lalong sumasama ang tao habang sinisikap niyang pagharian ang kanyang buhay sa halip na hayaang ito'y pagharian ng Dios.

*Galacia 5:19-21 "Hayag ang mga gawa ng laman, samakatuwid baga'y ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, pagsamba sa dios-diosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampi-kampi, mga pagkakabaha-bahagi, mga hidwang pananampalataya, mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito. Tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios."*



### Hindi Ka Maaaring Magpakabuti sa Iyong Sarili Lamang

Lahat ng bagay na mabuti ay mula sa Dios. Pag inihiwalay mo Siya sa iyong buhay, hindi ka maaaring magpakabuti. Magiging mabuti ka lamang kung ang Banal na Espiritu ng Dios ay mananahan sa iyo at Siyang magpapabuti sa iyo.

*Roma 7:18-20 "Nalalaman ko na sa akin, samakatuwid ay sa aking laman, ay hindi tumitira ang anumang bagay na mabuti: Sapagka't ang pagnanasa ay nasa akin, datapuwa't ang paggawa*





ng mabuti ay wala. Sapagka't ang mabuti na aking ibig, ay hindi ko ginagawa nguni't ang masama na hindi ko ibig, ay siya kong ginagawa...hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin."

## Ikaw ay Hindi na katulad ng Dios Kaya Dapat Kang Lalangin Pang Muli

Ang iyong likas ay hindi maaaring tagpian at patuwirin sa pamamagitan ng pagsisikap na magpakabuti, o pag-anib sa iglesya. Kailangan mo ang Dios upang bumago ng iyong likas, upang gawin kang gaya ng katauhang ninanais Niya. Bayaan mong ibalik Niya ang Kanyang likas sa iyo.

### Gawin Mo Ito

- ✂ Basahin mong muli ang bahaging ito habang hinahanap kung sa anong paraan hindi ka nakakatulad ng Dios.
- ✂ Alin ang higit na mahalaga, ang iyong katawan o ang iyong espiritu? \_\_\_\_\_
- ✂ Alin dito ang dapat maghari? \_\_\_\_\_
- ✂ Maaari ka bang maging mabuti sa iyong sarili lamang? \_\_\_\_\_

### Ikaapat na Bahagi

## ANONG URI NG KATAUHAN ANG NAIS MONG KALABASAN?

Ang isang kimpal na putik ay maaaring maging labangan ng baboy o makinis na porselana. Ang kapasayanan ay nasa may-ari at nasa kahusayan ng manlililok.

Kapag hinayaang mag-isa ang tao, lalo siyang sumasama. Siya'y nagiging maruming sisidlan ng karumal-dumal na isipan at masasamang kilos. Nguni't kung ilalagay sa mga kamay ng Dios, ang Dakilang Manlililok, ang buhay mo'y magiging isang kahanga-hangang kagandahan at kapakinabangan.



Jeremias 18:4, 6 "At nang mabasag sa kamay ng magpapalayok ang sisidlang putik na kanyang ginagawa,





ay gumawa siya uli ng ibang sisidlan... hindi бага Ako makagagawa sa inyo na gaya ng paggawa ng magpapalayok na ito? sabi ng Panginoon. Kung paano ang putik sa kamay ng magpapalayok, gayon kayo sa kamay Ko."

### Gawin Mo Ito

- ✂ Nais mo bang muli kang lalangin ng Dios? \_\_\_\_\_  
Sa sarili mong pangungusap, hilingin sa Panginoon na ito'y gawin Niya sa iyo.
- ✂ Kung ikaw ay isa nang Cristiano, marahil ay nais mong mapawi ang mga kapintasan mo at maging lalo kang katulad ng Dios.  
Kung gayon, sabihin ito sa Panginoon at hingin ang Kanyang tulong.

### Ikalimang Bahagi

#### PAANO MO MALALAMAN NA IKAW AY ANAK NG DIOS?

Sa sandaling tanggapin mo si Jesu-Cristo na iyong Tagapagligtas, tinatanggap ka ng Dios bilang anak Niya. Tinitiyak Niya ito sa iyo sa tatlong paraan:

- ☺ Sa pamamagitan ng Kanyang Salita, na gayon ang wika
- ☺ Sa pamamagitan ng panloob na katiyakang pinatutunayan ng Espiritu
- ☺ Sa pamamagitan ng pagbabago ng buhay mo



1 Juan 5:10; 12 "Ang nananampalataya sa Anak ng Dios ay may patotoo sa kanya... na tayo'y binigyan ng Dios ng buhay na walang hanggan at ang buhay na ito ay nasa Kanyang Anak. Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay."



Roma 8:16 "Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios."



1 Juan 3:14 "Nalalaman nating tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid."